ANG BAWAT LIKHANG SINING SA ISYUNG ITO NG ULOS AY MAAARING IPALAGANAP SA ANUMANG PARAAN O ANYO; ANG MGA AWIT, TULA, KWENTO, SANAYSAY AT SINING BISWAL AY MAAARING SIPIIN SA MGA PANUNURI AT ITANGHAL SA MGA PULONG-MASA AT MGA PAGTITIPON NG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA; MAAARING ISALIN SA IBANG WIKA AT ILATHALA SA MGA PUBLIKASYON NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN.

HINIHIKAYAT ANG LAHAT NG MGA KASAMA SA KANAYUNAN MAN O SA LUNSOD NA MAG-AMBAG NG KANILANG MGA AKDA AT IBA PANG LIKHANG SINING. ANUMANG MGA PUNA AT SUHESTYON AY MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA DIWA NG IBAYO PANG PAGPAPAUNLAD SA ATING REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN.

Espesyal na Isyu



# ULOS

2006 Abril

Pangkulturang Dyornal ng Pambansa-Demokratikong Kilusan sa pangangasiwa ng Artista at Manunulat ng Sambayanan (Armas) sa pamamatnubay ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)

# *Nilalaman*


### ***Pambungad***

*Sa Pagpapabagsak sa Rehimeng US-Arroyo*
*Sumusulong ang Sining at Panitikang Rebolusyonaryo*
***4***

### ***Mga Tula***

*Palayasin Bulaang Reyna*
*Ni Mamerto A. Monsuela*
***13***

*Gamasin na si Gloria*
*Ni Caloy Liwanag*
***15***

*Proklamasyong 1017*
*ni Kasamang Rea*
***16***

*O, Tekka a Reyna*
*Ni Ka Audrey*
***17***

*O, Reynang Tuko*
*Ni Ka Audrey*
*Salin ni Ting Remontado*
***18***

*Agunyas kay Gloria*
*Ni Ka Koven*
***19***

*Kung Saan Papunta ang mga Putok na Iyon*
*Ni Salvador Apolinario*
***20***

*Maghiliusa!*
*Ni MayaMor*
***21***

*Magkaisa!*
*Ni MayaMor*
*Salin ni Ka Pilar*
***24***

***Bukanegan***

*Sungbat ti Umili / Tugon ng Masa*
*Mula sa NPA-Kalinga*
***27***

***Maikling Kwento***

*Perlas sa Taib ng Pakikibaka*
*Ni Gamil de Jesus*
***32***

***Dulang Monologo***

*Monologo ng Byuda*
*Fara Tattao*
***36***

*Monologo ng Hukbo*
*Fara Tattao*
***41***

***Jingle***

*Si Manloloko*
*Nina Kasamang Ising, Haira, Louise, Aurora at Maria*
***45***

***Liham***

*Sulat kay GMA*
*Kasamang Katya*
***46***

### Sa Pagpapabagsak sa Rehimeng US-Arroyo

# Sumusulong ang Rebolusyonaryong Sining at Panitikan




DIBUHO MULA SA **KALATAS** TIMOG KATAGALUGAN

DUMADAGUNDONG NA SA BUONG KAPULUAN ang galit ng sambayanan sa rehimeng US-Arroyo. Habang ang pekeng pangulo na si Gloria-Macapagal Arroyo ay abala sa pagkakapit-tuko sa trono nito sa Malacañang, ibayo naman ang pagsulong at paglakas ng armadong pakikibaka sa kanayunan at ng kilusang masa sa kalunsuran. Kaakibat ng daluyong na ito ang pagbaha ng progresibo at rebolusyonaryong sining at panitikan na pumapaksa—at nagpapaigting—sa pakikibaka ng masa para sa pagpapabagsak sa pasistang rehimeng US-Arroyo.

Ginagamit na ng rehimeng Arroyo ang pinakadesperado at tusong mga pamamaraan upang mapanatili ang kapangyarihang ninakaw nito sa pandaraya sa halalan noong 2004. Kinamumuhian ito ng mamamayan dahil sa sukdulang pagpapakatuta sa imperyalismong US. Tumitindi rin ang pagkakahiwalay ng naghaharing pangkatin ni Arroyo na siyang kumakatawan sa pinakamasahol na seksyon ng lokal na naghaharing-uri ng malaking burgesya komprador at panginoong maylupa.

Nasasadlak ang rehimen sa walang kasinglalang krisis sa pinansya at pulitika. Ito ang nagtutulak sa rehimen upang ipatupad ang anti-mamamayang mga patakaran at panukala gaya ng VAT at RVAT, *anti-terrorism bill*, at *national ID system*. Dahil sa pagmamakaawang patuloy na suportahan ng kanyang among imperyalista, itinataguyod ng rehimen ni Gloria ang globalisasyon, ibayong liberalisasyon ng ekonomiya, paglalako sa pambansang patrimonya, at gayundin ang akomodasyon sa mga pinakamasusugid na tagapagtanggol ng rehimen sa pamamagitan ng pagpapalit ng Konstitusyon o *Charter Change*. Dulot ng krisis na ito ay walang habas at walang kasing-lupit ang pangungurakot, pandarambong, panloloko at pandarahas sa masa.

Iwinawasiwas nito ang kamay na bakal sa pamamagitan ng mga patakaran gaya ng *calibrated preemptive response* (CPR), pagsikil sa malayang pamamahayag, at  pagdedeklara ng isang "*state of emergency*" sa ilalim ng Proklamasyong 1017—na hindi nalalayo sa Batas Militar na ipinatupad ng diktador na si Ferdinand Marcos. Bahagi naman ng programa nito sa kontra-insurhensya ang masugid na pagpapatupad sa Oplan Bantay Laya. Bukod sa pagdedeploy ng mga RSOT (*Reengineered*




MULA SA **DABA-DABA** PANAY.

*Special Operations Team*) at konsentradong pwersa ng militar, ginawa nang sistematiko ang pagkidnap, tortyur at asasinasyon sa mga mamamahayag, aktibista, kilalang lider at myembro ng mga progresibong organisasyong masa, grupong *party-list*, at iba pang nagsusulong ng interes ng sambayanan.

Nilalayon ng mga patakarang ito na takutin ang mamamayan, at sa malaon ay "durugin" umano ang rebolusyonaryong kilusan. Sa pagpapatindi ng terorismo ng estado, may hibang na pangangarap ang rehimen na magagapi at mapapatahimik nito ang lahat ng tumututol sa pang-aapi at pagsasamantala, lalo na ang masang umaalma sa bulok na pamamalakad ng rehimeng US-Arroyo. Isang panibagong hamon sa masa at rebolusyonaryong kilusan ang pagbaklas sa pangil ng bagong pasistang diktador na si Arroyo.

Ang pinakamakatarungang tugon sa hamon na ito ay ang paigtingin ang armadong pakikibaka. Gayundin, may napakahalagang papel ang hayag na demokratikong kilusang masa sa mas masikhay na pagsusulong ng pakikibaka ng sambayanan laban sa rehimeng US-Arroyo. Ang Bagong Hukbong Bayan ay nakahanda para sa tuluy-tuloy at mas masidhing paglulunsad ng mga taktikal na opensiba na dadagok sa naghihingalong rehimeng Arroyo. Ang pagpapalapad ng naigkakaisang-prente laban sa pasistang rehimen ay nagbibigay-daan naman sa paglawak ng suporta para sa armadong pakikibaka. Sa pamamagitan ng mga ito ay umaani ng mga tagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan -- lumalawak ang mga organisadong pwersa, tumataas ang kumpyansa at kakayahan ng mga mandirigma, at naitatatag ang mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika sa kanayunan. Pinalalakas ng mga ito ang rebolusyonaryong kilusan. Inihahanda nito ang mga rebolusyonaryong pwersa at masa para sa mas mataas na antas ng paglulunsad ng digmang bayan.

MASASALAMIN SA PROGRESIBO AT REBOLUSYONARYONG sining at panitikan ang makasaysayang papel na ginampanan ng masa sa mga nakaraang pagkilos para sa pagpapatalsik ng mga bulok at bangkaroteng rehimen. Mayaman at makulay ang sining at panitikan ng protesta laban sa diktadurang rehimen ni Marcos, na rumurok sa pag-aalsa sa EDSA noong 1986. Isa ring pag-aalsa ng mamamayan ang nagpatalsik sa tiwaling rehimen ni Estrada noong 2001. Ito ay nagluwal din ng napakaraming likhang

sining mula sa mga progresibo at rebolusyonaryong artista at aktibistang pangkultura. Nagkaroon na ng sariling puwang ang progresibo at rebolusyonaryong sining at panitikan sa mga maningning na yugtong ito sa kasaysayan ng pakikibaka ng sambayanan.

Gayundin ay hindi maikakaila ang mahalagang papel ng progresibo at rebolusyonaryong sining at panitikan sa kasalukuyang kampanya para sa pagpapabagsak sa rehimeng US-Arroyo.

Sa kalunsuran, nangunguna ang mga aktibista at grupong pangkultura sa paglikha ng mga *jingle* at awit na pumapaksa sa iba't ibang patakaran ni Arroyo. Sa mga publikasyon at polyeto, iba't ibang komiks at drowing ang naglalarawan kay Gloria bilang papet, tuta at syempre–tuko. Ilang koleksyon ng mga tula at pampanitikang akda ang nailathala sa inisyatiba ng iba't ibang grupo ng mga makabayang makata at manunulat, batay sa iba't iba ring napapanahong isyu at paksa. Minamaksimisa naman ang internet bilang mabilis at mabisang daluyan ng pamamahayag, rebolusyonaryong propaganda, at panitikan. Kapansin-pansin din ang popularisasyon ng mga progresibong dokumentaryo at bidyo na pumapaksa sa buhay at pakikibaka ng karaniwang mamamayan. Kabilang dito ang mga bidyo hinggil sa masaker sa Hacienda Luisita, buhay-riles at *northrail project*, pandarahas



ANG TUTA NG KANO: SI GLORIA AT SI UNCLE SAM SA LARAWANG MULA SA **LARAB**, SILANGANG KABISAYAAN




MULA SA **LARAB**

sa piketlayn ng mga manggagawa ng Nestle, at iba pang kabulukan ng rehimeng US-Arroyo. Napapakilos at nabubuklod ang mga artista at manunulat sa mga taktikal na alyansa at sa mga progresibo at rebolusyonaryong organisasyong masa.

Sa malalaking rali o mobilisasyon sa mga sentrong lungsod, matutunghayan ang iba't ibang pagtatanghal ng awit, sayaw at dula ng mga progresibong grupong pangkultura mula sa iba't ibang sektor gaya ng mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, at maging ng mga bata. Ilan na nga bang *effigy* ni Gloria ang sinunog sa mga mobilisasyon? Nailarawan na si Gloria bilang higanteng tuta o pesteng lamok sa mga myural at likhang *effigy*, na sarkastikong simbolo na karaniwang gawa sa papel o *papier mache*.

Mula sa iba't ibang rehiyon at larangang gerilya sa buong kapuluan, higit pang masigla ang paglikha at pagpapalaganap ng sining

at panitikan na akma o tumutugon sa kampanya laban sa peke at pasistang rehimeng US-Arroyo. Ang mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan, kasama ng mga aktibistang masa at grupong pangkultura sa mga baryo, ang nagsisilbing mga manunulat at makata, mga kompositor at mang-aawit ng sining at panitikan ng protesta at digma. Sila ang mga artistang may hawak na pinsel habang may tangan na baril, mga artista sa gitna ng entablado ng digmang bayan. Kasama ang masa ay nililikha at ipinapalaganap ng Hukbo ang sining at panitikan na tiyak na sumasalamin sa aping kalagayan ng mamamayan sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo, at sa kanilang ubos-lakas at tapang na paglaban dito. Ang sining na ito ay kabilang na sa mga sandata laban sa kaaway. Itinatanghal at pinagtitibay rin nito ang pagkakaisa ng mamamayan laban sa rehimen.

Matutunghayan sa isyung ito ng Ulos ang mga pagsisikap ng mga kasama sa paglikha at pagpapalaganap ng rebolusyonaryong sining para sa pagpapabagsak sa rehimeng Arroyo. Sa ilang rehiyon ng bansa, regular na naglalathala ang mga kasama ng mga rebolusyonaryong publikasyon na naglalaman ng mga balita at artikulo ukol sa pandaigdig, pambansa at lokal na isyu. Halimbawa ng mga publikasyong ito ang ***Dangadang*** ng Rehiyong Ilokos-Cordillera, ***Baringkuas*** ng Lambak ng Cagayan, ***Himagsik*** ng Gitnang Luson, ***Kalatas*** ng Timog Katagalugan, ***Pasa Bilis!*** ng NDF-Timog Mindanao, ***Ang Kahilukan*** ng NDF-Gitnang Mindanao at iba pa.




MULA SA **DABA-DABA** PANAY.




MULA SA **DANGADANG** REHIYONG ILOKOS-CORDILLERA

Ang mga balita at artikulo ay karaniwan nang may kaakibat na mga larawan, komiks at drowing upang mas makatulong sa pag-unawa. Nakalarawan rito ang mga isyu na kinasasangkutan ni Gloria, gaya ng pagsuporta sa digmang agresyon ng imperyalismo, VAT, Cha-Cha, at iba pa. Nakatampok din ang malawakang pagkilos ng mamamayan laban sa rehimen at ang mga tagumpay at pag-abante ng digmang bayan. Sa ilang publikasyon, sinusubaybayan ng masa ang pakikipagsapalaran ng mga tauhan sa regular na komik istrip, gaya na lamang ni "Batoy" ng ***Silyab*** (Bikol), "Caduy" ng ***Daba-daba*** (Panay) at "Simo" ng ***Larab*** (Silangang Kabisayaan).

Karaniwan din ang isa o dalawang pitak-pampanitikan gaya ng mga tula, dagli, awit o anekdota sa mga rebolusyonaryong publikasyon. Dito nasumpungan ng patnugutan ng ***Ulos*** ang tulang "O Tekka a Reyna" (Reynang Tuko) ni Ka Audrey ng NPA-Kalinga at "Palayasin Bulaang Reyna" ni Kasamang Mamerto A. Monsuela ng Timog Katagalugan.

Sa ilang rehiyon, regular na rin ang paglalabas ng "lokal na bersyon" ng pangkulturang dyornal na gaya ng ***Ulos***, halimbawa ay ang literari koleksyon ng ***Ramut*** ng Ilokos, ***Dagitab*** ng Timog Katagalugan, ***Punla*** ng Bikol at iba pa. Tampok sa mga publikasyong ito ang mga rebolusyonaryong tula, kwento, dula, drowing at awit mula sa mga rehiyon. Karaniwan din ang paglalangkap ng rebolusyonaryong nilalaman sa mga katutubong anyong pangkultura. Nasa isyung ito ang "Sungbat ti Umili" (Tugon ng Masa) na isang halimbawa ng bukanegan o balagtasang Iloko. Kung may Francisco Balagtas ang mga Tagalog, ang mga Ilokano naman ay may Pedro Bukaneg na siyang nagsimula ng tradisyon ng patulang debate sa rehiyon. Ginagamit din ng mga kasama ang mga popular na anyo gaya ng monologo, drama sa radyo, parodiya ng mga sikat na awit at *jingle.* Halimbawa nito ang *jingle* na kolektibong likha ng mga kasama mula sa Timog Katagalugan. Ang "Si Manloloko" ay may tono ng popular na awit na "Seaman-loloko."

Bukod sa mga aktwal na pagtatanghal, isa nang popular na daluyan ng rebolusyonaryong sining at propaganda ang mga dokumentaryo at bidyo, lalo na ang mga likha ng mga rebolusyonaryong grupong awdyo-biswal sa loob ng Hukbo. Halimbawa nito ang mga bidyo ng grupong Isnayp ng Romulo Jallores Command ng Bikol. Sa ilang pagkakataon, bidyo ang ginagamit para sa dokumentasyon at ibayong pagpapalaganap ng mga itinanghal na dula, gaya ng ginawa ng Red Alimaong Platun ng Mindanao sa bidyo ng musikal na dulang "Hukbo sa Katawhan (Hukbo ng Bayan)."

ANG SINING AT PANITIKAN, AYON NGA KAY LENIN, ay mahahalagang piyesa, mga turnilyo at granahe sa buong rebolusyonaryong makinarya—ito ay nakapailalim bilang integral na bahagi ng mga nakatakdang gawain sa pulitika sa isang tiyak na panahon, at sa bawat yugto ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Ang buong rebolusyonaryong kilusan ay nahaharap ngayon sa mas malulupit na opensiba ng rehimeng US-Arroyo, hindi lamang sa larangan ng ekonomya, pulitika at militar kundi maging sa tunggalian sa propaganda at kultura. Kaakibat ng panunupil, panggigipit at malawakang pamamaslang sa mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa, pinagugulong

ng rehimeng US-Arroyo ang sarili nitong makinaryang pampropaganda at pangkultura. Ginagamit ng rehimen ang masmidya at iba pang institusyong pangkultura na kontrolado nito upang araw-araw ay maghasik ng mga kasinungalingan, panlilinlang, at kalituhan sa mamamayan. Ipinalalaganap ng rehimen ang kultura ng takot, halimbawa, sa mga anti-komunistang bidyo na ipinapalabas sa mga istasyon ng telebisyon ng gobyerno at VCD na ipinapamudmod sa masa.

Kung ang reaksyunaryo at anti-komunistang propaganda na isinisiwalat ng rehimeng US-Arroyo ay kinakasangkapan nito upang makapanatili sa pwesto, ang progresibo at rebolusyonaryong sining naman ay sumusuhay sa lumalawak at lumalakas na pagkilos ng mamamayan para ibagsak ang rehimeng ito. Tiyak ang papel na ginagampanan ng sining at panitikan bilang katuwang at armas ng Hukbo, mga aktibista, masa at ng malawak na nagkakaisang prente laban sa bulok at tiwaling rehimeng US-Arroyo.

Sa kampanyang pagpapatalsik, tiyak ang mga panawagan para sa pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba, ibayong pagpapalakas sa rebolusyonaryong kilusan at pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamumuno ng Partido. Sa mga panawagang ito, makakatulong ang masiglang paglikha at pagpapalaganap ng sining para sa pagpukaw, pagpapakilos at pag-oorganisa ng masa, ahitasyon ng masa at mga pwersa para sa paggampan ng mga gawain kaugnay ng kampanya, at konsolidasyon ng mga organisasyong masa at Pulang kapangyarihan sa kanayunan. Ganito ang pagsisikap ng mga tulang "Kung Saan Papunta ang mga Putok na Iyon," "Agunyas kay Gloria" at "Maghiliusa!" ni MayaMor.


Ang mga pyesang matatagpuan sa isyung ito ng ***Ulos*** ay inaasahang magagamit ng mga kasama para sa pagpapaigting ng kampanya laban sa rehimeng US-Arroyo. Hinihikayat ng ***Ulos*** ang pagpapalaganap at pagpapaunlad sa mga ito upang umangkop sa mga partikular na kalagayan. Hinihikayat din ang masiglang paglikha ng mga orihinal na pyesa gaya ng mga tula, dula, awit, sayaw, pagtatatanghal, bidyo at iba pa. Ang mga ito ay ipantatapat natin sa dekadenteng sining, at kasuklam-suklam na propaganda ng rehimeng US-Arroyo. MAKIBAKA! HUWAG MATAKOT!

# Palayasin Bulaang Reyna

NI MAMERTO A. MONSUELA

Sa loob ng sirkusan:
Pinalakpakan ng mga buwaya ang kanilang reyna,
Habang dinadasal ang hinulmang kasinungalingan,
Walang patid ang hiyawan!
At ang iba'y parang mga palakang naglulundagan
sa mga salamangka ng kanilang reyna.

Habang sa labas dumadaluyong
ang lakas ng mamamayan
sumisigaw ng "Ilabas ang katotohanan!
Pagbayarin ang tutang pasista!
Sobrang pahirap sa masa!"
At tayong mga katoto,
gustong bulagin at pilit inililihis ng todo
ng mga mersenaryo't sipsip sa kanilang amo.



At ano ito? matapos tangkaing bulagin,
matapos tangkaing alisan ng tenga,
matapos tangkaing tanggalan ng ilong,
Pinagsasayaw tayo ng cha-cha at mantakin mo
instruktor pa ang bulaang reyna,
direktor ang gahamang imperyalista,
taga-palakpak ang mga kumprador, PML at burukrata
upang sa gayon ang kaliwa nating mga paa,
sumunod na ayon sa kanilang dikta.

Ugatin na ang aming mga paa,
namimitig na sa maghapong
paggawa sa pabrika,
pasmado na sa magdamag na paglulukad,
maga na sa pag-abyad sa palayan.

Daang taon nang kami'y pilit
pinasasayaw sa entablado
ng kahirapan,
ng karahasan,
ng kasakiman...

Ngunit ngayon,
handa na ang aming mga paa,
Di upang sumayaw ng cha-cha kundi upang
MAGMARTSA sa lansangan...
UMAKYAT sa kabundukan...
TADYAKAN at palayasin
ang mga pahirap sa ating bayan.

Kaya humanda ka ngayon Gloria!
Magtago ka man sa pundilyo ni Uncle Sam,
Di namin kayo tatantanan
Hanggang sa tuluyang mapabaon
sa kumunoy ng kasaysayan!

# Gamasin na si Gloria

*ni Caloy Liwanag*

Panahon na ng pagpatay ng damo
Upang ang bukirin, umaliwalas at magbago
Bayanihang paggawa, ating itatayo
Mapapagaan at mabilisang paggawa ito

Pesteng salot sa bukirin nagpasasa
Globalisasyong dala'y bagyong sumalanta
Buhay at kabuhayan, inagaw sa masa
Inihandog sa dayo ang hatag sa mesa

Ang salot na ito'y may galamay na berdugo
Naghahasik ng terorismo sa bayan at baryo
Bala ng kamatayan binibigay nito
Sa masang anakpawis na hangad ay pagbabago

Dapat nang bunutin ang pesteng damo
Ipunla ang binhi ng pagbabago
Transisyong konseho ipapalit dito
Tinig ng anakpawis, igigiit nito

Tama na! Sobra na! Gamasin ka na Gloria!
Walang kapatawaran ang iyong pagkakasala
Ganid na kapit-tuko sa kapangyarihan
Patalsikin ng masa, ngayon na!

# Proklamasyong 1017

ni Kasamang Rea


Babaeng sa dusa ay minsang nag-aklas
Ano at ngayon pang sa hamon iiwas?
Huwag n'yong sabihing sanay na sa hirap
At karahasan na  ating dinaranas
Sa rehimeng Arroyo, pasismo'y sagad
Ito ba ang panahon para umatras?

Babaeng nag-aruga; anak minulat
Babae ring titindig, magbabalikwas!
Babae! Tumindig sa gitna ng unos
Bawat oras, panahon ng pagtutuos
Batid mong laya ay hindi maaabot
Kung kilos at diwa ay di nagpupuyos.



# O, Tekka a Reyna

*ni Ka Audrey*



Kumapet ka iti aglatlati a tronom
O, nakalalaad a reyna
Aggarakgak ka a nasayet
Iti naimballigian a panagswitik mo
Bayat a sapsaplitem dakami
Iti latigo ti kinakurapay ken kinarigat
Bayat a lalaisem dakami
Kadagiti nasasaem a panangumsim.

Bayat a pengpengdam ti timek mi
Babaen iti pang-ur
Kanyon a danum ken riple
Kadagiti kalsada ken kaaw-awayan
Iti nagan ti *calibrated preemptive response*
Ken kontra-insurhensya.

Dagiti masaker
Ti panagasug dagiti inna
Dagiti pamilya a tinatek dagiti soldadom
Naikitikit iti kaunggan ti puso mi.

Makaturog ka pay kadi iti rabii
O, tekka a reyna
Bayat a gandat mo a patayen dakami
Babaen kadagiti doble't tadem na a linteg
Ken narungsot a gubat?

Saan kan a makapagturay
iti wagas a kas iti dati.
Ti pungtot mi agturong iti panagbaringkuas
Iti kamaudianan
Ti gerram, tekka a reyna, ket maabak
Iti apuy ti naindasigan a gubat.

# O, Reynang Tuko

*ni Ka Audrey* (salin ni Ting Remontado)

Kumapit ka sa kinakalawang mong trono
O, Reynang kasuklam-suklam
Humalakhak ka nang todo
Para sa pandaraya mong ipinanalo
Habang kami ay iyong nilalatay
Sa dusa at dalita
Habang kami ay inaalipusta
Ng iyong maaanghang na salita

Habang kami ay binubusalan
Sa pamamagitan ng batuta
Waterkanon at riple
Sa mga lansangan at sa kanayunan
Sa ngalan ng *calibrated preemptive response*
At kontra-insurhensya


Ang mga masaker
Ang pananangis ng mga ina
Ang mga pamilyang pinaslang ng iyong mga sundalo
Malalim na nakaukit sa aming mga puso

Nakakatulog ka pa kaya tuwing gabi,
O, Reynang Tuko,
Habang binabalak mong lahat kami ay patayin
Sa iyong mga batas na doble ang patalim
At sa mga gerang mabagsik at malagim?

Hindi ka na makapamuno
sa dating paraan.
Ang pagngangalit namin
Ay amin nang ibinabaling sa pagbabalikwas
At sa huli, ang iyong gera, Reynang Tuko, ay matatalo
at matutupok sa apoy ng makauring digma.

# Agunyas kay Gloria

ni Ka Koven



Bumabatingaw ang kampana ng rebolusyon–
sa simboryo ng nakaambang pagtupad,
armas ng sambayanan ang siyang hahatol.

Habang ang pangulo ay nangungumunyon–
naninikluhod sa kanyang bathalang huwad,
bumabatingaw ang kampana ng rebolusyon.

Hinihigpitan man niya ang ating sinturon
at gayong patuloy ang kanyang pandarahas,
armas ng sambayanan ang siyang hahatol.

Sa harap ng pagkaaba at tumitinding gutom
naghahayag ng simbuyo ang pag-aaklas,
bumabatingaw ang kampana ng rebolusyon.

Walang salapi o ganang makapagsusuysoy
at paulit-ulit man siyang humingi ng tawad,
armas ng sambayanan ang siyang hahatol.

Bulok na gobyerno ay atin nang iburol.
Lingkaw at maso ang siya ngayong iwatawat.
Bumabatingaw ang kampana ng rebolusyon,
armas ng sambayanan siyang hahatol!

# Kung Saan Papunta ang mga Putok na Iyon


ni Salvador Apolinario

*Anong mga putok iyon sa may kalayuan?*
A, sumisigaw ang mga baril ng mga mandirigma
ng sambayanan
na lumusob sa isang kuta ng mga de-susing sundalo.

Isang kuta ang sinalakay
ilang sundalo ang nagtaas ng mga kamay,
ilang baril na noo'y itinutok sa sambayanan
ang magmula ngayo'y sambayanan na ang tatangan.
Muling sumalo ng bigwas
ang Pangulong nababangag sa opyo
ng kapangyarihang ninakaw.

Dumarami araw-araw
ang ganitong tagpo sa mga nayon nitong kapuluan.

Bawat baril na maagaw sa mga kaaway
ay kabawasan sa mga bakod
ng panguluhang ninakaw,
at sa bawat pinunong mapatalsik
ay may nabubuwal na haligi sa tanggulan,
sa lungga ng tatlong halimaw ng ating lipunan.



# Maghiliusa!

*ni MayaMor*

Labing maghiliusa, magbuligay
Pataason ang ikasarang, paslawon, lutuson ang kaaway!

I.

Mga Kaupod sa hukbo,
Ang kaaway subong nagalunsar sang panibag-ong lebel
Sang pag-atake sa ila tudo-gyera konta sa aton kag pumuluyo.
Halin sa isa ka ginakonsetrahan nga prenteng gerilya,
Nagapalapad ang ila atake, kag nagahana nga magasingki ini
Kay may dugang nga batalyon nga mahimo ihampak sa Panay.
Ginakamang sang kaaway ang aton base
Agud plastaran sang RSOT sa tuyo nga gub-on ang baseng masa,
Rekrut sang CAFGU, kag balay network sang BIN
Samtang padayon naman ang dalagku nga operasyon pangistrayk
Sa tuyo nga pusaon ang armadong kusog sang hukbo.

II.

Sa pihak nga bahin, mga Kaupod,
Ining pagpang-atake sang kaaway nagapatong sa malala nga krisis
Nga nagatay-og sa reaksyunaryong rehimeng GMA
Kag husto nga tayming kag likuan na lang ang ginahulat
Agud maigo sang patal sa pagbagsak sini sang pumuluyo.
Malala ang krisis, maluya ang produksyon sang bilog nga ekonomya
Wala sang maarapalan ang rehimen sa masingki nga kinamog
Sang mga paksyon sang mga hakugan nga pulitiko kag upisyal militar,
Agaway manggad kag poder, pagkabuyagyag sang binilyon nga korapsyon
Hamulag ang rehimen sa pumuluyo.
Gusto tabunan sang rehimen ang pagkainutil sa paglubad
Sang mga basehan nga problema sang pumuluyo.

Gusto ni GMA nga magbawi bangud sa ambisyon nga magpadayon
Sa poder kag ipakita nga kontrol pa sini ang di-matabangan
Nga pagkapugday sang iya paltik nga “mabaskog nga republika”.
Gani ang desperado nga tikang sa nagahimumugto nga paghari
Amo nga padag-an lang sa pakusog
    kag pagtudo-gyera kuno kontra-terorista
Bisan pa ang mga tropa sini demoralisado bangud indi mahibal-an
Kon bala madaog nila ang tudo-gyera nga tinuig na—
Samtang ang rebolusyon nagalapad kag nagabaskog iya.



III.

Mga Kaupod,
Atubangon naton kag paslawon atake sang kaaway
Madamo kita sang tikang nga himuon sa pagpaslaw sa ila,
Apang bilang Hangaway sang Banwa—
Handa bala kita sa paglunsar sang mga taktikal nga opensiba?
Naglanog ang singgit sang mga tropa nga nakahanay:
“Handa kami!”
Ilunsar naton ang mga taktikal nga opensiba
Sa tanan nga bahin sang isla nga malab-ot ta…
Mabaskog ang kaaway, superyor siya sa pwersa,
Apang maluya sini nga bahin makita ta sa bulig sang masa,
Didto siya bunalan sang makamamatay nga bira!
Handa bala kita diin man kag ano man nga pagbanat sa kaaway?
Mas mabaskog ang singgit sang nakahanay na tropa:
“Bisan diin man, ano pa man, maluyang kaaway banatan!”
Handa bala kita nga lutuson ang kaaway?
“Handa!”
Nagabaga ang kampo.
Nagapula ang kalangitan.

***(Oktubre 2003)***

# Magkaisa!

*ni MayaMor (salin ni Ka Pilar)*

Laging magkaisa, magtulungan
Iangat ang kakayahan, durugin, gapiin ang kaaway!

I.
Mga Kasama sa hukbo,
Ang kaaway ngayon ay naglulunsad ng panibagong antas
Ng pag-atake sa kanilang todo-gyera kontra sa atin
    at sa mamamayan
Mula sa pagkonsentra sa isang larangang gerilya,
Pinalalapad nila ang atake, at titindi pa ito
Dahil sa dagdag na batalyon na bubuuin at ipapakat sa Panay.
Ginagapang ng kaaway ang ating base
Upang agad na mailatag ang RSOT sa layuning wasakin
    ang baseng masa,
Nagrekrut ng CAFGU, at itinayo ang mga network ng BIN
Habang patuloy naman ang malalaking operasyong istrayk
Na naglalayong durugin ang armadong lakas ng hukbo.

II.
Sa kabilang banda, mga Kasama,
Itong pag-atake ng kaaway ay nakatuntong sa malalang krisis
Na yumayanig sa reaksyunaryong rehimeng GMA
At wastong tyempo at pihit na lang ang hinihintay
Agad mauunawaan ng mamamayan ang pangangailangang
    ibagsak ito.
Malala ang krisis, mahina ang produksyon ng buong ekonomya
Hindi na mapigilan ng rehimen ang matinding hidwaan
Ng mga paksyon ng mga gahamang pulitiko at upisyal militar
Sa pag-aagawan ng kayamanan at poder,
    sa pagkalantad ng bilyun-bilyong kurakot
Nahihiwalay ang rehimen sa mamamayan.
Gustong pagtakpan ng rehimen ang pagkainutil sa paglutas
Sa mga batayang problema ng mamamayan,

Gusto ni GMA na makabawi dahil sa ambisyong manatili
Sa poder at ipakita na kontrolado pa niya ang di maawat
Na habas ng kanyang armas na "matatag na republika."
Kaya desperado ang mga hakbang ng naghihingalong paghahari
Upang magwagi, kahit man lang sa palakas at kunwang
todo-gyera kontra-terorista
Kahit pa ang mga tropa nito ay demoralisado kaya hindi kumpyansa
Na mapagwawagian nila ang nababalahong todo-gyera—
Samantalang ang rebolusyon ay lumalawak at tumatatag pa.



III.

Mga Kasama,
Harapin natin at bigwasan ang atake ng kaaway
Marami tayong magagawang hakbang upang puksain sila

Gayunman bilang Hukbo ng Sambayanan—
Hindi ba't handa tayo sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba?
Dumadagundong ang sigaw ng mga tropa na nakahanay:
"Handa kami!"
Ilunsad natin ang mga taktikal na opensiba
Sa lahat ng sulok ng isla na maaabot natin…
Malakas ang kaaway, superyor ang kanyang pwersa,
Ngunit mahina sila sa bahaging nasa atin ang suporta ng masa,
Doon natin sila puruhan ng nakamamatay na bira!
Hindi ba't handa tayo kung saanman at kung paano bibirahin
ang kaaway?
Mas malakas ang sigaw ng nakahanay na tropa:
"Kahit saanman, anupaman, mahinang kaaway birahin!"
"Hindi ba't handa tayong gapiin ang kaaway?
"Handa!"
Nag-aalab ang kampo.
Pumupula ang kalangitan.

*(Oktubre 2003)*

***RSOT*** *– Reengineered Special Operations Team; ispesyal na tim na ipinapakat ng kaaway sa mga erya o larangang gerilya upang dahan-dahang gipitin ang BHB at masa sa pamamagitan ng mga operasyong kombat, saywar at paniktik.*

***BIN*** *– Barrio Intelligence Network; lambat ng paniktik o intel ng kaaway na nirerekrut mula sa taumbaryo*

# Bukanegan

## (Balagtasang Iloko)

*Mula sa NPA-Kalinga*




## *Sungbat ti Umili*

**Gobyerno (G)**:
Administrasyon ni Gloria
Pagimbagan ti masa
Awan to ti kinarigat
Isu't programa ni Gloria

**Umili (U)**:
Saan kami a mamati
Adu-adu a karkari
Nagadu ti kapadasan
Awan met nagbanagan

**G**: Sabali met ni Gloria
Silpo na Japan, Amerika
Tagasalaknib demokrasya
Umili ket nawaya

## *Tugon ng Masa*

***Gobyerno (G):***
*Administrasyon ni Gloria*
*Para sa kabutihan masa*
*Wala na ang kahirapan*
*Yan ang programa ng pamahalaan*

***Masa (M):***
*Hindi kami naniniwala*
*Sa pangakong bumabaha*
*Marami na rin ang karanasan*
*Wala namang kinahinatnan*

***G:** Pero iba naman si Gloria*
*Kasangga ng Japan at Amerika*
*Tagapagtanggol ng demokrasya*
*At sambayanang malaya*

**U**: Ania a demokrasya
Malakolonyal ti sistema
Dayuhan idiktar da
Ekonomya, pulitika

***M:** Anong demokrasya?*
*Malakolonyal ang sistema*
*Dayuhan ang nagdidikta*
*Sa ekonomya at pulitika*

**G**: Saan kayo a madanagan
Programa ket pagimbagan
Adun to ti proyekto
Sumayaat ti barbaryo

***G:** Huwag kayong mag-alala*
*Kabutihan ang programa*
*Dadami ang proyekto*
*Uunlad ang mga baryo*

**U**: Ania a pagsayaatan
Krisis pay ti pagilian
Nailumlom iti utang
Milyun-milyon mabisbisinan

***M:**Anong kaunlaran?*
*Krisis pa rin ang bayan*
*Nakalublob sa utang*
*Milyon ang gutom ang tiyan*

**G**: Tumibker balor ti piso
Bumaba pay ti presyo
Kasta met ti lanlana
Rumegta ti industriya

***G:** Lalakas ang halaga ng piso*
*Bababa pa ang presyo*
*Gayundin ng bilihin at gasolina*
*Sisigla ang industriya*

**U**: Sao laeng a bumaba
Inaldaw panagngato na
Kumarkaro a rumigat
Kasasaad marigrigat

***M:** Sa salita lang bumababa ang presyo*
*Pagtaas nito araw-araw ay todo*
*Kahirapan ay lumalala*
*At kalagayan ng maralita*

**G**: Pumintas ti serbisyo
Awan to ti problema yo
Karbengan ket mabigbig
Napirmaan a linlinteg

***G:** Gaganda ang serbisyo*
*Mawawala ang problema nyo*
*Ang karapatan ay igagalang*
*Sa mga batas na pinirmahan*

**U**: Nabaybay-an ti serbisyo
Naipasa iti pribado
Babaknang ken dayuhan
Inkayo pagserserbian

***M:** Napabayaan ang serbisyo*
*At tuluyang isinapribado*
*Mayayaman at dayuhan*
*Ang inyong pinagsisilbihan*

**G**: Amin to a mangmangged
Kontraktwal ti panagtegged
Saan kayo nga agkedked
Sueldo a mait-ited

***G:** Lahat ng manggagawa*
*Kontraktwal ang paggawa*
*Huwag na kayong umayaw*
*Sa sweldong ibibigay*



**Mangmangged**:
Maysa a pakakitaan
Dikta IMF, World Bank
Tengngel ti kapitalista
Industriya ken pabrika

**G**: Dakayo a mannalon
Ipapati yo ti agtalon
CARP ti intay ipagna
Maiwaras ti daga

**Mannalon**:
Ania dayta a CARPa
Awan met ti lasag na
Inaguman apo't daga
Nalalawa a daga

**G**: Nakurapay iti syudad
Saan kayo nga agdanag
Subdibisyon malukatan
Isu ti pagbalayan

**Nakurapay iti syudad**:
Ania a pagbalayan
Para met iti dayuhan
Nangato pay ti abang
Umili maiyaw-awan

**G**: Amin nga empleyado
Maipangato ti sueldo
Ngem agan-anus kayo
Awan pay laeng ti pondo

***Manggagawa:***
*Isang ebidensya*
*Na IMF at World Bank na dikta*
*Kontrolado ng malaking kapitalista*
*Mga industriya at pabrika*

***G:****Kayong magsasaka*
*Paghusayan ang pagsasaka*
*CARP ang ating lakarin*
*Upang maipapamahagi mga lupain*

***Magsasaka:***
*Ano ba iyang CARP na yan?*
*Wala namang katuturan*
*Kinakamkam ng panginoong-maylupa*
*Ang malalawak na lupa*

***G:****Maralitang tagalunsod*
*Huwag kayong matakot*
*Sa subdibisyong mabubuksan*
*Doon kayo magkakabahay*

***Maralitang Tagalungsod:***
*Anong pabahay ba iyan?*
*Para naman sa dayuhan*
*Mataas pa ang upa*
*Balewala ang masa*

***G:****Lahat ng empleyado*
*Itataas ang sweldo*
*Pero maghintay-hintay kayo*
*Wala pa lang ang pondo*

**Empleyado**:
Ania nga awan pondo
Ayan na't buwis ti tattao
Nagadu ti rason yo
Iti kinurakot yo

**G**: Estudyante ken agtutubo
Matrikula saan a ngumato
Education Act suroten mi
Tapno awan ti riri

**Kabataan-Estudyante**:
Awan ti masakbayan
Estudyante, kabataan
Edukasyon ket nangina
Maadal awan serbi na

**G**: Umili a minorya
Ited mi ti awtonomya
CALC, Mining Act, ken IPRA
Mangbigbig iti daga

***Empleyado:***
*Anong walang pondo?*
*Nasaan ang buwis ng mga tao?*
*Napakarami ng inyong dahilan*
*Para kurakot n'yo ay pagtakpan*

***G:*** *Estudyante at kabataan*
*Matrikula nyo'y di tataasan*
*Education Act ay susundin namin*
*Upang wala nang dumaing*

***Kabataan-Estudyante:***
*Walang kinabukasan*
*Estudyante at kabataan*
*Edukasyon ay mahal*
*Wala pang silbi ang pag-aaral*

***G:*** *Sa mamamayang minorya*
*Ibibigay namin ang awtonomiya*
*CALC, Mining Act at IPRA*
*Ang kikilala sa inyong lupa*



**Minorya**:
Ania dayta nga awtonomya
Saan met a genuine dayta
Pang-ulaw iti minorya
Mangagaw tawid a daga

*Minorya:*
*Ano nga bang awtonomiya*
*Hindi naman kapani-paniwala*
*Hinihilo lang ang minorya*
*Upang lupang katutubo ay makuha*

**G**: Ay, wen gayam kababaihan
Gistay kayo a malipatan
Pada yo kalalakihan
Mabigbig ti karbengan

***G:*** *Ay, oo nga pala, ang kababaihan*
*Muntik pa kayong makalimutan*
*Kapantay nyo ang kalalakihan*
*Ang karapatan ay iginagalang*

**Kababaihan**:
Ania nga agpapada
Kanayon kami a biktima
Pyudal, burges a panagbuya
Ti bulok a sistema

***Kababaihan:***
*May pagkakapantay nga ba?*
*Laging kami ang biktima*
*Ang pananaw ay burges at pyudal*
*Sa bulok na lipunan*

**G**: Masapul a suroten yo
Linlinteg ti gobyerno
Ta no saan ket sanguen yo
Armado mi a soldado

***G:*** *Kailangang sundin n'yo*
*Mga batas ng gobyerno*
*Kung hindi sasagupain kayo*
*Ng aming armadong sundalo*

**U**: Kasano a suroten mi
Awan met para umili
Masapul a mapugsat
Puon ti kinarigat

***M:*** *Paano namin susundin*
*Wala namang para sa amin*
*Kailangan nang bunutin*
*Ang ugat ng pagkakaalipin*

**G**: Agtignay kayo soldado
Ipilit linteg gobyerno
Suroten tay' ti amo
Ta isu ti serbi yo

***G:*** *Kumilos kayo sundalo*
*Ipilit ang batas ng gobyerno*
*Sundin natin ang amo*
*Dahil 'yan ang silbi nyo*

**U**: Umili agkaykaysa
Ta isu't intay pigsa
Problema ti pagilian
Intay amin gibusan

***M:*** *Mamamayan magkaisa*
*Dahil ito ang lakas ng masa*
*Lahat ng problema ng bayan*
*Ay atin nang wakasan*

Armado a rebolusyon
Isu't pudno a solusyon
Tapno intay' mabaliwan
Sistema ti kagimongan

*Armadong rebolusyon*
*Ang tanging solusyon*
*Upang ating mapalitan*
*Ang sistema ng lipunan*

# Perlas sa Taib ng Pakikibaka

*ni Gamil de Jesus*



HINDI KO LUBOS MAISIP NA AKO AY MAPASAMA sa pakikibaka ng mamamayan. Mula sa pagmamasid, naging bahagi ako at nakisangkot. Hanggang makita ko ang sarili sa mismong puyo ng bagyo – sa dambuhalang alon na sumusulong patungo sa makatarungang nilalayon.

Dati akong nagtatrabaho sa isang resort sa aming probinsya nang maglunsad ng isang kongreso ang mga kabataang estudyante mula sa isang kolehiyo. Baka may dalawang linggo sila roon at marami akong nakilala. Isa na roon si Alona at ang kanyang kaibigang si Jenny na labis kong hinangaan— may katangian siyang mapagpakumbaba at wari'y sabik makipagkwentuhan sa mga tulad kong simpleng trabahador.

Sa mga panahong iyo'y ang ganoong pakikisalamuha ng mga aktibista sa akin ay mistulang magandang awiting bumasag sa monotono ng araw-araw na pagbabantay sa tabing-dagat bilang lifeguard. Halos

Naging mangingibig din ako ng kanilang mga pinatutugtog na mga teyp na nagsasalarawan sa tunay na kalagayan ng lipunan. Kaya nang sila ay umalis, hindi ko maiwasang malumbay. Nawala na ang magagandang awiting bumasag sa monotono ng aking buhay. Buong akala ko'y di ko na ito muling maririnig pa...

...Nang minsang tawagin ako ng aking amo habang naglilinis ng cottage. May naiwang ID at babasahin si Alona, ang kaibigan ni Jenny! Buong kasabikan naman akong nagboluntaryo sa aking amo upang manugsog at magsauli ng mga ito. May kakaiba akong naramdamang pananabik na makitang muli si Jenny kung kaya naman agad akong lumuwas ng Maynila.

Subalit malaki ang Maynila, di ko alam ang bahay ni Jenny o Alona! Nabuhayan ako ng loob isang umaga nang mabalitaan ko sa radyo at makita sa telebisyon na may isang malaking rali sa Mendiola – tiyak, naro'n ang mga kabataang aktibista!

Pagdating ng Mendiola, natangahan ako sa 'king sarili dahil napakaraming tao at ang paghahanap kay Jenny ay parang paghahanap ng perlas sa malawak na karagatan! Halos mabali na ang aking leeg sa paghahanap. Mas madali pala ang maging lifeguard sa resort kaysa sa maghanap ng isang ulo sa dagat ng libong mamamayan. Mawawalan na sana ako ng lakas sa pagsalunga sa agos ng mga tao at katitingala sa mga nagtatalumpati, nang masutsutan ako ng isang taga-amin. Laking tuwa ko nang sa 'king paglingon ay marami pala akong kababayan na sumama din sa protestang ito! Tinulungan ako ng aking kababata sa paghahanap sa grupo ng aking perlas. Kasa-kasama ang aking giya ay natagpuan namin sina Alona at iba pang kamag-aral. Naisauli na ang ID at babasahin. Lamang ay malungkot ang sagot sa aking tanong— wala roon ang perlas na aking hinahanap!

Bigla akong nakaramdam ng matinding pagod. Wari'y kaaahon ko lamang mula sa laot ng dagat, lupaypay ang balikat na bumalik ako sa delegasyon ng aming probinsya. Nilibang ko na lamang ang aking sarili sa pakikipagkwentuhan sa 'king kababatang si Entong sa saliw ng mga awitin ng mga kabataang nag-eensayo sa isang tabi.

Naitanong ko kay Entong, "Ano nga bang ginagawa ng libong tao dito sa Mendiola?" At saka ko lang nabatid na ito pala'y isang Lakbayan ng Mamamayan para sa Pagpapatalsik kay Gloria.

Matapos ang aming talakayan, niyaya ako ni Entong at mga kabataang mang-aawit na sumama sa kanilang praktis para sa isang pagtatanghal. Sa una'y labis akong nag-atubili subalit napag-isip-isip kong mainam na pagkakataon na rin ito na matutuhan ang mga militante nilang awitin.

Laking pasalamat ko sa pagyaya nilang ito. Di ko inakalang sa pagluwas kong ito sa Maynila upang hanapin si Jenny ay matututuhan kong awitin ang isang himig ng mga magsasaka. At lalong di ko inakalang makakasama ako sa pag-awit sa harap ng libu-libong mamamayan...

*"... Tinatanong ko ngayon sa iyo*
*Kung di mo ba naiiisip*
*Na ang lupang ito'y sa atin*
*At hindi sa lalong mayron!*

*Dapat bawiin! Dapat bawiin!*
*Ang lupang ito'y sa atin, sa'yo at sa kanya*
*Kay Pedro, Maria, kay Juan at Jose*
*Kay Pedro, Maria, kay Juan at Jose..*

Magaan ang pakiramdam at masaya ang kalooban ko pagkatapos ng aming pagtatanghal sapagkat nakasama ako sa pag-awit hinggil sa pang--aapi sa mga magsasaka. Kahalintulad ng dinaranas ng aking ama na isa ring magsasaka.

Bago matapos ang gabing iyo'y marami akong nabasang mga polyeto. Mula dito'y naunawaan ko ang kalagayan ng sambayanan at ang kahalagahan ng paglaban ng mamamayan sa pasistang rehimen ni Gloria. Kung di lang ako inaasahang umuwi sa bahay na tinutuluyan ko ay di ko pa sana ibig umalis. Huling araw na ito sa Mendiola at kabawasan din ako sa taib na ito ng dagat ng sambayanang lumalaban kay Gloria.

Katakut-takot na kantyaw ang inabot ko sa 'king mga tinuluyang kamag-anak. Isa na raw akong aktibista at natuwa naman ako sa bansag na ito. Sa pagbalik ko sa 'king probinsya ay buong pagmamalaki kong ikinwento sa aking mga katrabaho ang karanasan ko sa pagsama sa rali. Ipinaliwanag ko sa kanila ang mga panlilinlang ni Gloria sa mga mahihirap. Di pa nagtatagal ang pagnamnam ko sa makasaysayang araw na iyon nang mabalitaan ko na magkakaroon muli ng pagtitipon sa Mendiola bilang pagpapakita ng ibayong galit ng mamamayan kay Gloria.

Tumataib na naman ang nagngangalit na dagat ng sambayanan sa lansangan! Nagpaalam ako sa 'king amo at sa wari ko'y kahit di niya ako

payagan ay pupunta pa rin ako. Buti na lang at dismayado din siya kay Gloria kaya naging mabilis ang aking paglalayag patungo sa Maynila.

Mas malawak at mas malakas ang agos ng tao at kung hindi lang ako sanay mamalakaya sa malalaking alon, ako ay malulunod sa dami ng tao! Natagpuan kong muli ang mga kabataang mang-aawit ng aming probinsya at mula noo'y kasa-kasama na nila ako sa mga pagtatanghal. Sa gitna nito'y hindi ako nakaramdam ng anumang takot. Dama ko ang kapangyarihan ng sambayanang Pilipino at batid ko sa bawat mukha at sigaw na totoong sila'y inaapi at totoong sila'y lalaban. Wala akong takot dahil alam kong ang lakas nila'y makapangyarihan at dahil dito'y tiyak ang kanilang tagumpay. Tulad ng karagatan sa panahon ng sigwa, walang maglalakas-loob na banggain ito.

Hindi ko man nakita ang aking perlas ay lubos ang pasasalamat ko— may natagpuan akong kayamanang walang kasing halaga at ito ay ang pagkakatuklas ng karapatang lumaban para sa kalayaan.

Nakita ko rin na ang kayamanang ito ay taglay ng nagkakaisang mamamayang nakikibaka. At ako, bilang kasama nila ay may hiyas na perlas ng pag-asa. Kaya mula noon, natuto akong umawit para sa kalayaan ng mga magsasaka at ng buong sambayanan.

At ngayon, di na ako sa kalye umaawit kundi sa dampa ng mga katutubo at magsasaka at di na lamang mula sa hanay ng mga kabataan ang kasama ko kundi mula din sa iba't ibang uri at sektor rig lipunan. Nagsisikhay na rin akong maging manunulat ng mga kwento ng dukha sa kanayunan.

Ngayo'y madalang ko nang makita ang dagat pero dito'y may di masasaid na balon ng pulang kapangyarihan— ang malawak na karagatan ng masang magsasaka na paalong kukubkob sa mga naghaharing uri kapag sapat na ang lakas nito. Tiyak na magtatagumpay! Higit pa sa ilang daang EDSA at Mendiola!

Dito ko na tatapusin ang aking kwento, maglilinis pa ako ng aking armalayt.

# Monologo ng Byuda

*ni Fara Tattao*



*Sa huling gabi ng burol ng isang pinaslang na lider masa, nagtatalumpati ang* BYUDA. *Taglay niya ang ideyal at tipikal na karakter ng isang aktibistang naulila: nagdadalamhati subalit matatag na naninindigang itutuloy ang naiwang laban ng asawa.*

**BYUDA:**

Magandang gabi po... *(Kukunin ang atensyon ng mga manonood — sa simula ay malakas na palahaw o hagulgol, na pilit na impit dahil ayaw ipakita sa publiko ang hinagpis..)*

Pagpasensyahan po ninyo ako at talagang hindi ko ho mapigil ang damdamin… *(Pipiliting maging maliwanag ang mukha, o ngumiti sa mga manonood upang makapagsimula na sa talumpati)*

Ang totoo ho, kahit po namamaga na ang mga mata ko, at ako'y paos na rin, ako ho talaga ay natutuwa at naririto po kayong lahat ngayong gabi. Siguro, pati ang asawa ko'y magugulat kung nakikita lang niya kung gaano karami ang mga kaibigan at kasama na nandito para makiramay sa amin...

Sa nakaraang linggo ho, talaga hong nakapagpapataba ng puso ang makilala kayong lahat. Hindi ko ho akalain na napakarami pala talagang nakasama ang aking asawa, kahit kami ay mga simpleng tao lang ay malayo rin pala ang narating nya, marami ho siyang natulungan, at sabi ko nga po

sa lahat ng nagtatanong na iba pa ho sa atin, kung sa hanay lang po nating maliliit na tao, wala po kaming alam na naging kaaway ni Romy...

Maraming salamat po sa inyong lahat na nandito ngayon, alam po ng aming pamilya na higit pa ho sa pakikiramay ang pagdating ninyo rito sa amin ngayon. Maraming salamat ho lalo na po sa mga kasama sa party-list, andyan po sina Mon, Sid, Peter at sa marami pa pong iba... Sa nakaraang anim na taon po niyang pagiging koordineytor po talaga dumami ang mga taong nakikilala at nakasalamuha niya. Ganundin po ang pasasalamat ko sa iba pa pong naririto, lalo na rin po sa grupo ng mga pesante na talagang pinaglaanan po niya ng halos buong buhay niya, kina Ka Nita, Ka Ric, ang mga taga-HR ho, syempre po dito sa aming mga kabarangay at kababayan, pati ang mga kasama na nagbyahe pa ho mula sa Maynila, sa napakaraming kabataan at kasamahan ng aming si Nick, dyan po sa eskwelahan at sa YS na eto nga po, nandyan ho sila sa sulok at buong linggo na pong hinaharana – o ipinaghehele kaya — ang aking asawa...

Sa kantahan ho talaga ako nangingiti, sapagkat alam naman ho ng mga kasamang malapit kay Romy na siya'y mahilig talaga sa kanta. Ang biro nga ho nila, siya'y mahilig kumanta pero ang kanta nga ho ang walang hilig sa kanya. Pero siya naman po ay ipinagtatanggol ko dahil siya ho ay magaling namang sumipol.

*(Mangingiti na, mag-iisip ng mga maikukuwento tungkol sa asawa)* Napansin ko ho talaga na siya ay nagbabago na, yun ho bang namumulat na, magmula nang marinig ko sa kanya ang mga bagong kanta. Dati-rati ho, kapag magpapahinga siya, mga standards lang ho ang tinitipa-tipa nya sa gitara. Lalo na tuwing Linggo, napakalakas ng bolyum ng radyo namin, dahil gustung-gusto niya syempre ang mga kanta ng kapanauhan namin, noong kami'y mga dalaga't binata pa...

Nalaman ko ho na siya pala'y nakakadalo na sa mga miting, at sa mga rali na rin ho siguro, dahil ho may mga bagong tono na siyang sinisipol-sipol. Kapag napapakanta siya, ang mga liriks ho ay hindi na tungkol sa mga kasawian, kundi may mga pakikibaka-pakikibaka na. Pati radyo, dati ay gamit lang namin para makinig ng mga paborito nyang kanta, ako naman ho'y sumusubaybay rin sa drama. Paglaon, kung may oras sya, ginagamit na nya ang radyo para makinig ng mga balita. Marami na syang nababanggit na opinyon tungkol sa kung anu-anong isyu, sa kalagayan ng mga tao, patakaran ng gubyerno, pakikialam ng mga Kano, mga abusong militar... lagi na syang nag-aalala sa katayuan ng pamilya namin, napansin ko rin kung paano nagbago ang pakitungo nya sa akin, na lalo pang lumaki ang respeto at malasakit nya sa akin bilang kabiyak ho nya. Nun siya nagsimulang magsabi

na dapat magkaisa at iwasan na ang mga alitan ng mga tao dito sa barangay, naramdaman ko ho nun na marami na siyang natututunan mula sa mga miting, naging kumpyansa ho ako na sya talaga ay taong may prinsipyo, at may dahilan ang pagsama-sama niya sa mga rali...

Napadalas na ho ang paggamit nya ng mga salitang kalayaan at katarungan, kahit minsan ay naghuhuntahan lang naman kami. Nangingiti ho ako, dahil nun din ay nahuhuli ko ho siyang kumakanta-kanta at binibiro ko siyang baduy — yun ho kasing mga paboritong niyang lab song, binago-bago na niya ang liriks at ginagawang pag-ibig sa bayan. Ganun na rin ho siyang mangusap, lalo na sa pagpapalaki ng mga anak. Sa simula ho, nahirapan din ho akong intindihin ang mga pagbabago sa kanya, dahil kami nga ho ay mga simpleng tao lang pero dumami na nang dumami ang mga salitang alam nya! Araw-araw ay nagugulat ho ako sa mga pagbabago, dahil wala naman po sa bokabularyo namin noon ang salitang pulitika, lalo na ho ang imperyalismo at pyudalismo, di ho ba mahirap ispelengin at bigkasin. Pero ako naman ho, magmula't mula pa ay buo ang suporta sa anumang gawain ng aking asawa.

Ang iba nga ho sa mga karanasan nya ay ngayon ko na lang po nalalaman mula sa mga kasama, pero alam ko ho na sariwa pa sa alaala ng maraming kasama na naririto ang mga pagsulong, ang mga tagumpay sa kabila ng panggigipit. Siguradong marami kayong magagandang karanasan kasama si Romy, pero nariyan din naman syempre pati na rin ho ang mga kabiguang pinaghati-hatian; sigurado rin ho na naaalala ng mga kasama ang sigla at determinasyon ni Romy, kahit sa gitna ng panghihina ng ilang kasama. Ang sinasabi nga ho sa akin ng marami nyang nakasama, siya ho ay napakatyaga sa pagpapaliwanag, at mukha naman hong marami sa mga narito ngayon ay kasama na sa kanyang napropagandahan (*mangingiti*)... Alam ko po kung gaano kalaki ang respeto ng mga kabarangay at ng marami pa dito sa ating bayan, dahil bukod sa pagiging aktibo nya sa grupo ng mga pesante, sa matagal na panahon ay lagi pa rin siyang inihahalal para maging opisyal ng barangay...

Pinagkakapuri ko ho ang mga sandali na ako po ay kahati nya sa kanyang kasiyahan sa pagkilos. Napapansin ko ho, hindi pa man naikakasa ang kampanya, masayang-masaya na siya at nakakatulong siya para pagkaisahin ang kapwa namin tenante, masaya siyang makita na marami na ang namumulat at kumikilos, lalung-lalo na syempre kapag umaani na ng sabi nga ho nya e mga munting tagumpay.... Ilan po sa mga kampanyang kinasangkutan niya ay talaga pong mahirap, at may mga kalaban na kumbaga ho ay higante, sinasabi nga nila na para bang naghanap lang sina Romy ng bato na ipupukol sa sariling ulo. Ang nangyari ho ngayon kay

Romy ay matagal ko na hong pinangangambahan. Dito naman ho sa lugar namin, sa lugar natin, pirmi namang ikinakampanya ni Romy ang pagpapalayas sa deployment ng armi, hindi po nya pinalalampas ang bawat kaso ng harasment at pandarahas sa mga kababayan natin, marami rin po siyang kinausap para huwag nang sumali at magparekrut sa CAFGU, dahil yan nga po ay para lalo pa tayong paghati-hatiin dito... Magmula ho noon na para bang nahanap nya ang kanyang boses sa pagkilos nya kasama ho ng marami pang maliliit, hindi na ho sya natakot magsalita, kahit pa alam ho natin na kung sumagot ang mga kalaban natin, mas madalas hindi katwiran ang ginagamit kundi bala...

Ang nangyari ho kay Romy ay matagal ko nang pinangangambahan, dati ho, iyon ay kaba na wala naman hong kongkreto, o matibay bang dahilan, kundi para bang ako'y naging maramot at makasarili lang dahil si Romy ay asawa ko at kami'y may mga anak, kahit po ako'y walang imik sa kanya at suporta sa kanyang gawain, sa loob-loob ko ho noon ay nangangamba akong maaagaw at mawawala sya sa akin, kung hindi man po ng pagiging sobrang abala nya sa kanyang pagkilos, pero lalung-lalo na ng mga kinakalaban nya na noon ho ay hindi ko naman masyadong kilala, at hindi ko naman ho masyado pang naiintindihan...

Siya ho ay aking ipinagmamalaki, at ipinagmamalaki nang sobra-sobra, todo-todo. Ang tangi ko lang hong pagsisisi sa loob ng dalawampu't limang taon ng aming pagsasama, ay hindi ako naorganisa agad at nitong nakaraaang ilang taon pa lang ho niya nakapiling bilang isang kasama sa pakikibaka. Ang kinalungkot ho nya nitong nakaraang mga taon, ay yung sunud-sunod na pagpatay sa marami ho nating kasama sa iba't ibang lugar, ang iba ho ay nakasama ho ni Romy sa mga assembly ng national at region, nakasalamuha at nakakwentuhan nya sa mga aktibidad at pagkilos natin, at wala na ho silang pinipili, hindi na lang mga magsasaka na napakadali para sa kanila na ipakulong, ipapatay o ipamasaker, ngayon ay pati mga brodkaster, estudyante, pari, abogado, kahit mga konsehal at bise-alkalde na iilan na nga lang sa mga matitino sa gobyerno, at kagaya na nga ho ni Romy na kapitan at opisyal ng barangay… Sya ho ay lungkot na lungkot, at ako ho ay nagkaroon na rin ng kongkretong dahilan para sa aking pangamba…

Matagal ko hong pinaghandaan ang araw na sya'y maaagaw at mawawala sa akin, pero magmula nang makasama nya ako sa gawain, ang talagang pinangambahan ko ay yung pagdating ng araw na si Romy ay sapilitan nilang ilayo sa pagkilos, at permanente nang pagpahingahin sa napakarami nyang gawain. Hindi ko ho sya pinigilan maski kailan, dahil alam ko ho na ang pagkilos ay sya nang buhay nya, nang makasama na nya ako sa pagkilos lalo kong

natiyak na kung pipigilan ko sya, yun ay katumbas na rin ho na sya'y pigilan ko sa paghinga…

Hindi takot mamatay si Romy… Natutunan ko na rin ho na iwaksi ang takot… si Romy nito lang ay lagi nang lungkot na lungkot, nalungkot pero hindi natakot. Galit na galit sya! Alam ho natin na ang mga berdugong gumawa nito ay hindi na nakakatulog, binababagabag at inuusig ng konsensya nila, dahil ang mga pinatay nila, alam nila ay pinatay nila nang pataksil! Pinatay nila nang walang kalaban-laban! Ganun na lang ba, na lagi silang manggugulat, habang tayo ay nasa harap, nasa loob ng sarili nating bahay, paalis o papunta sa opisina, kung san palagay tayo dahil nasa piling ng mga sariling tao, saka sila bubulaga at mangraratrat, tsaka basta na lang haharurot patakas? Mahiya sila, mamuhi sa mga sarili nila, mga bayaran, duwag na duwag na ipakita ang mga mukha nila dahil alam nila na wala sila sa katwiran, alam na alam nila na ang mga taong pinatay nila ay mga taong marangal at minamahal ng napakaraming tao…

Nasasaktan ho ako, at lalong nagagalit sa gobyerno, nagagalit ho ako sa Presidente, dahil hindi pa sya nasasapatan na unti-unti nya tayong patayin sa kahirapan, habang sya ay nandadaya, nandadambong at harap-harapang nagsisinungaling sa madla… Nagkukunwa siyang walang kibo, nagmamaang-maangan sa nangyaring ito kay Romy at sa daan-daan pa nating kasama. Tayo bang naulila na ng mga mahal natin sa buhay at kasama ay ginagawa pa nilang tanga, ginagago, alam naman ho natin na sila ang utak ng mga pagpatay na ito, dahil gusto nila tayong takutin, amuhin, patahimikin! Ako ho'y naiinsulto nang husto, tayo ho ay binabastos, nilalapastangan! Hindi pa ho sapat na gawin nilang patakaran na tayo'y patayin, ipinamumukha pa sa atin na ang mga berdugong heneral na gaya ni Palparan ay binibigyan nila ng dahilan para magmayabang, ginagawang huwaran ng kagitingan at pinaparangalan pa ng hayop at manhid nating presidente…

Si Romy ho ay ipinagmamalaki ko… Kaya ako ho, tayo, na pinagkaitan nila ng napakaraming sandali para makapiling at makasama si Romy ay hindi mapapagod, hindi magpapahinga hanggat hindi ho natin natatagpuan ang katarungan…

**TELON**

# MONOLOGO NG HUKBO

*NI FARA TATTAO*



*Isang* HUKBO *o kasapi ng Bagong Hukbong Bayan– babae o lalaki, mga 18 pataas,at may natatangi siyang pagkakwela o nakatatawang ekspresyon at manerismo– ay nagbabasa ng isang liham na ipapadala sa isa pang kasama sa kabilang yunit. Ito ang unang pagtatangka nyang magsulat matapos ang ilang aralin sa literasiya sa loob ng Hukbo. Maaaring itanghal sa urban upang maipakita ang buhay na larawan ng Pulang mandirigma, na syempre ay taliwas sa teroristang bansag rito ng US at gobyerno.*

**HUKBO:**

Kasama! *(Manggugulat para makakuha ng atensyon)* Kasama! Pwede ka bang bulabugin dyan sandali, sandali lang… pakibasa nyo naman 'tong sulat ko. Perstaym ko ho 'to e, baka pumalya, nakakahiya naman… Eto ho, o, eto, maikli lang ho 'yan, sandali lang hong basahin, buong-araw kong sinulat yan pero mas maikli pa ho sa tres-otso, mabilis pa sa alas kwatro matatapos nyo ho yang basahin, ehehehe… Ayan…Hindi ho! Hindi ho panliligaw! Alam nyo wala pa akong isang taon dito sa Hukbo…pero malapit na. Pero kahit malapit na wala pa naman ho akong balak… Tsaka hindi pa ho ako handang mag-asolt sa ganyang bagay… Kayo talaga, mahilig magpasimuno ng talakayan…Oo na nga ho, ang Pulang hukbo ay laging nakahanda. Laging nakahanda sa pakikibaka. Laging nakahandang maglingkod sa sambayanan. Di ho ba? Naks! Kumbinsing na ba?

Ho? E para kay Sonny ho 'to, e… Si Sonny, yung bago rin ho dun sa SDG… Oho, kay Sonny. Si Sonny, kababata ko ho yun e: medyo matangkad, malaki mata, yung karbin ho ang dala. Ho? Walang Sonny? Panong nawala naman si Sonny…naku kay aga namang mapa-engkwentro, at wag naman sanang nag-AWOL ano ho? Mulat naman yung si Sonny, napakatyaga at matapang din naman. Wala nga bang Sonny sa SDG… Ah!! Sya nga! Hindi na pala Sonny, sori, sori, sori. Ka Manny na nga pala sya, pasensya na…tao lang… O basahin nyo naman! Ako na? Kayo na ho… Ako na? Papakinggan nyo ha? E wag ho kayong tatawa… Ho? A, pasensya na, nakakalimutan ko talaga e. Hindi naman sa gusto ko hong magpakapyudal, syempre ang mukha namang ito e likas na magalang kaya pirming namumupo. Maging magalang sa pananalita. Huwag mag-alimura sa kapwa. O di ba? E kahit na nga pinipilosopo lang naman akong lagi ni Tandang Iking ay pandalas pa rin ang kahoho ko. Baka naman ayaw nyo lang mabuking sakin ang edad nyo, e matagal ko na hong na-SI-yan yun, hahaha! Sige hindi na kita hoho-in, basta kayo naman ang wag tatawa…

*(Maghahanda para magbasa, magbabago ang mukha, magiging sersyoso at medyo kakabahan)* Ehem, ehem…**Petsa bentesingko, Pebrari 2006. Para sa iyo Kasamang Sonny, oops, mali,** *(buburahin at isusulat)* Ka…Maaa-nny na ngaaa palaaa… *(Mabilis, dahil kabisado na ang generic greeting)* **Mapulang pangungumusta sa iyo at sa mga kasama at masa! Sana ay datnan ka ng aking sulat ng nasa mabuting kalagayan at walang anumang karamdaman. Kung ako naman ang iyong tatanungin, mabuti naman kami at ang kolektibo ay patuloy sa pag-angkop sa gawaing masa**….Mabilis na akong magbasa ano ho? Si Ka Del ang nagturo sa akin nyan, napakahusay magturo at ako'y napagtyagaan...*(Manginginig, lalong kakabahan, mabagal, putul-putol pero hindi tama ang phrasing sa pagbabasa, naka-bold ang katawan ng liham…)* **Su — mulat a ko pa ra magkwento ng ka ra na san ko sa Huhuhuhukbo….** Haaay, ang hirap! Kayo na ho, este, ikaw na! Parang naninikip ang dibdib ko, hindi ako makahinga…Ha, ha, hahh…Ituloy ko? **Alam mo tuwang-tuwa ako. Sumampa ka na sa Hukbo. Sabi ko na nga ba sa tamang edad sasampa ka rin…** Ilang buwan lang naman ang tanda ko kay Ka Manny e kaya nauna-una lang ako sa kanya ng konti… **Dito sa aming yunit ay OK. Marami akong natuhan…natutunan…. natutututunan?** Sandali, sandali, painom na nga nyang kape nyo…

**Dati nahihiya akong magprops. Nag-igib ako agad pagdating sa base. Iwas-pusoy…** Syempre naman may hiya ho ako noon. Nakakahiya naman kung may mali sa sasabihin ko, dapat pag-aralan ko munang mabuti di ba? E kayo nga ang ginagaya ko, parang matanlihaga pa baga, alalaumbaga, patok na patok

sa mga lolo't lola, ehehehe… E, nakakahiya kapag hindi mo na kababaryo ang kaharap, e sikat naman kami ni Ka Manny sa balibol noon kaya marami rin kaming naorganisang kabataan, pati na sa taga-ibayo na dumadayo samin…Teka, asan na ba ako? **Iwas-pusoy. Ngayon hindi lang props. Nagturo na ako ng Kursong Masa sa Kabataan. Isang paksa lang muna. Gaya ng hatian natin sa Komite dati. Kumanta pa kami ng "Pulang Paaralan" sa pulong masa.** *Ang pulang hukbo ay pulang paaralan…***May payo ako. Makinig ka sa radyo para sariwa ang datos sa prop. Sabi nga kahapon…** Kas, pano ba ispelingin to? Steyt: S- T- A- T- E , steyt op EM, EMER, EMERJENSI, **steyt op emergency na daw ang dineklara ni Guya**… Parang martial law na naman, aba, aba naman…Hindi pa naman ako pinapanganak nung Martial Law e, kahit nga nung People Power hindi pa…Nun kayo nakulong di ba? Naku sigurado, lalo pang dadami ang magagalit at mamumulat, talagang napakadesperado na ni Guya. Sya na nga ang pinakabugok sa buluk-bulok ng lipunang mala-kolonyal at mala-pyudal ngayon. Naku, lahat ng kumukontra sa kanya gusto ba namang ipakulong, mabuti na lang nandito na tayo sa bundok, pwedeng magtumbling, pwedeng magtigerjump…Sabi ba naman ay nagrarali na raw ang NPA sa Maynila? Naku bigyan nya ako ng pamasahe at susugurin ko sya sa Malacanang… Joke lang! *(Kakanta) Kung mabilis, mapapagod ka rin…Adbenturismo! Kung mabagal, maiiwan ka rin… konserbatismo!* Natuto na ang Hukbo dyan. E kung ang lahat ba ng inaapi e handa nang sumugod nang may armas e bakit naman hindi? Kaya nga matyaga na ngayon ang Hukbo sa pagmumulat at pag-oorganisa, ano ho? Paghahandaan natin nang husto ang araw na yun, para maliwanag, nagkakaintindihan tayo, sama-samang nag-aaral at kumikilos…

Hay, talagang wala na ngang patunguhan ang sistema kundi pabulok at pabulok na lang, ano? Nakakainis naman talaga yang mga naghahari na desperadong kumapit at makipag-agawan sa kapangyarihan at yaman na dinadambong nila sa atin – naku, kasama pa raw ang NPA sa gustong makipag-agawan ngayon at makihati! Hay naku talaga! E kung gusto pala nating magmadali, e bakit ba naman tayo nagtitiyaga sa unti-unting pagpupunla ng sariling gobyernong bayan dito sa mga baryo-baryo? Naku, marami na nga ngayon ang mamumulat na rebolusyon pa rin talaga ang kelangan…Teka, teka, nakalimutan ko na tuloy ang sulat ko…Si Gloria kasi. Asan na ba? **Masaya ang masa sa tagumpay ng TO dyan sa erya nyo. Nakakuha raw ng dalawang katorse, maraming magasin, amopawts at maiksi. Mahusay dahil walang putok. Sa susunod, kasama ka na siguro. Masaya ang masa sa dagok sa kaaway. Maraming kaaway ang dismoral at disilusyon. Si Gloria kasi. Lalong lumalakas ang hukbo at napapalapit sa masa. Hindi tayo mananalo sa reyd kung walang suporta ang**

**masa. Oo nga pala. Syempre natuto na rin ako magkalas at mag-asembol ng M-16.**

*(Lalong manginginig, emosyonal na.)* **Eto pa. Nanananagsusulat na rin ako. Pasensya na. Kahig-manok pa.** Matigas kasi ang ulo namin nuon sa mga taga-sangay sa baryo namin, talagang sinsadya namin ni Ka Manny na hindi sumali sa mga nag-aaral ng Abakada. Totoo nyan, nahihiya talaga kami nuon sa mga dalaga. Talagang napakababaw ko pa dati. Kaya nga si nanay ang unang natuwa na narito na ako sa Hukbo, gaganda raw ang kinabukasan ko, malalayo ako sa bisyo. Hindi lang daw ako magiging sundalo ng mga inaapi, matututo na rin daw akong maging abugado, titser, doktor… hindi lang yan, pwede pang maging inhinyero, surbeyor, karpintero, imbestigador, dentista, pintor, singer, iskultor, makata, operator ng generator at radyong ober-ober, kargador, butingtingero, scientist, mananahi, kusinero, yaya, labandero at syempre, magsasaka pa rin pero hindi na atrasado. Haaay, buti pa si Tandang Iking, masipag mag-aral nuon kahit wala nang ngipin. Baka ngayon marami na syang dokumentong nabasa. Baka nagsusulat na sya ng nobela…Teka asan na ba ako, magdidilim na yata hindi ko pa naipapasok ang mga sinampay ko…Eto, eto. **Kahig-manok pa**. **Praktis ko magbasa ng komiks sa Ulos at balita sa AB. Sumulat ka rin sa kin pag marunong ka na ha?**

Haaaay, sa wakas nakaraos din. **S-T-R, S-T-P,** Japan, Italy, **Ka Roel.** Dagdagan ko pa kaya? *(pasulat)* **P.S. kung namimiss mo ang inyong tapayan at papag, wag kag malowbatt. Ang masa ang magcha-charge sa iyo. Copy?** Sus kahirap talaga! Di bale araw-araw akong magpapraktis. **Imperyalismo, ibagsak! Gloria, tuta, diktador, pasista! Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!** Eto, eto, parang ending ni Ka Roger sa interbyu: **Mabuhay ang Sambayanang Pilipino! Mabuhay ang Rebolusyong Pilipino!**

**TELON**

# Si Manloloko

*nina Ka Ising, Haira, Louise, Aurora at Maria*

*(Sa saliw ng musika ng Seaman-loloko)*
***Pasakalye: D7-G-A-D-B7-Em-A7-D- A7 pause***
*Koro:*

*D                                          A*
Ala-eh, ala-eh, ang sakit, sakit pala
*A7                D*
Sabi mo, sabi mo buhay nami'y gaganda
*A*
Yun pala, yun pala, dagdag pahirap ka
*A7               D-D7*
Ay naku, ay naku, umalis-alis ka na…

*G                    A7               D*
Nang ikaw ay naluklok, labis kaming nahirapan
*B7            Em                  A7                D7*
Mga bilihi'y tumaas, sahod naman ay di sapat
*G                     A7         D*
Nang ikaw ay naupo, laganap ang karahasan
*B7             Em   A7                              D – D7*
Sinupil ang karapatan, ng mamamayang lumalaban

***(ulitin ang koro at unang saknong)***

*G                  A7                   D*
Kaya ngayo'y nag-aalsa, manggagawa't magsasaka
*B7               Em   A7                D*
Patalsikin na si Gloria, sobra na! Tama na!
*A7                    D*
Tama na! Sobra na!




*Marso 3, 2006*

***Para sa iyo Peke, Korap at Pasistang Namumuno,***

*Sa pagbati pa lang ay huwag mong asahang tatawagin kitang "mahal" o "giliw" kong Gloria. Dahil wala ka pa ring kakupas-kupas mula noon at hanggang ngayon.*

*Hindi na ako magpapaliguy-ligoy pa sa aking pakay at sa kung paano ihahatid ang mensaheng ito: Ikaw, Gloria ang pinakamasahol na pangulo sa kasaysayan ng bansa.*

*Wala kang ipinagkaiba sa nakalipas na mga rehimen. Tulad ni Marcos, garapalan mong pinayagan ang Balikatan exercises dahil sa pagiging sunud-sunuran mo sa dikta ng iyong amo, ang imperyalistang Estados Unidos.*

*Walang habas mong hinayaang gawing "military training ground" ang Pikit at Carmen sa North Cotabato. Ginawa mong garrison ang mga eskwelahan na lumikha ng takot sa mga guro, kabataan at kanilang mga magulang. Ang mga tao sa komunidad ay napilitang lumikas sa mga pinabayaang evacuation center dahil sa harassment, pagbabanta at pandarahas ng mga idineploy na batalyon sa kanayunan ng mga paborito mong mamamatay-tao na sina Senga, Cuerpo, Palparan at del Rosario.*

*Maging ang mga lumad na namumuhay nang tahimik sa kanilang bukirin ay marahas mong itinaboy upang bigyang daan ang mga dayuhang korporasyon ng mina at palm oil. Wala ka nang ginawang matino lalo na sa pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa. Ginutom mo lang ang mga kawawang magsasaka dahil sa murang presyo ng kanilang mga produkto. Ginawa mong tuyot ang kanilang mga sakahan dahil sa atat na atat mong pagtango sa malalaking kompanya ng saging at real estate.*

*Lalo mong pinaigting ang kahirapan at gutom ng mga ina at bata na nasa kalunsuran dahil sa iyong malulupit at di makataong batas tulad ng EVAT at RVAT. Hindi na isda at bigas ang nakahain sa mesa ng pamilyang Pilipino kundi noodles at pancit canton na ngayon ay mahal na rin. Ina at maybahay ka pa namang naturingan subalit hindi mo ba naririnig ang kanilang daing? Ikaw, Gloria, ang masugid na tagapagtaguyod ng terorismo ng estado.*

*Daig mo pa si Erap sa pandarambong. Katuwang mo pa ang iyong asawang si Mike sa pagpapataba ng inyong mga bulsa at tiyan, samantalang ang mamamayan ay naiiwang kumakalam ang mga sikmura. Lalo mo pang winalanghiya ang dati nang maruming eleksyon dahil sa lantarang pagnakaw ng mga boto at paglustay sa fertilizer fund na laan sana sa mga magsasaka at sa Marcos Swiss account na para naman sa mga biktima ng Batas Militar.*

*Lantaran man ang iyong kabulukan at kawalanghiyaan, tila ikaw ay isang masamang damong matagal mamatay. Nalusutan mo ang impeachment. Ang tigas ng mukha mong manatili sa poder kahit galit na galit na ang masa at matindi na ang disgusto maging sa hanay mismo ng militar.*

*At ngayon dahil desperado kang kumapit sa kapangyarihan, pinakawalan mo ang Proclamation 1017 na ang layunin ay dahasin ang mga progresibong lider at aktibista, takutin at kontrolin ang midya, at iwasiwas muli ang kamay na bakal ni Marcos.*

*May binabalak ka pang Charter Change kasabwat ng mga trapong tulad ni De Venecia upang lalo pang makapanghimasok ang iyong among Estados Unidos.*

*Siyanga pala, nais kong ipaalam na lumalakas at lumalawak ang mga nagngangalit sa iyo at sa iyong amo. Sa kanayunan kung saan naroon ang mas malawak na pwersa ng aping masa, dumarami ang mga handang lumaban upang pabagsakin ang mapagsamantala at pasistang rehimeng US- Arroyo.*

*Sa kalunsuran naman ay umuunlad at tumitibay na ang pagkabig sa mga pwersang handang baklasin ang iyong bulok na pamunuan.*

*Dahil sa pagkilos ng mamamayan para pabagsakin ang iyong peke, korap, tuta at pasistang rehimen, lalong lumalakas ang rebolusyonaryong kilusang nagpupunla ng isang gubyernong bayan na kumakatawan at nagtataguyod sa tunay na adhikain at interes ng sambayanang Pilipino.*

*Kaya huwag kang pakasisiguro. Ikaw Gloria, sampu ng iyong masugid na mga opisyal at bayarang militar, at higit sa lahat ang iyong mapagsamantalang amo na imperyalistang Estados Unidos ay pababagsakin ng magkakabigkis na pwersa ng rebolusyon.*

*Isa sa mga nagtataguyod sa pagbagsak ng iyong rehimen,*

***Kasamang Katya** ng Timog Mindanao*

# Pasasalamat

Ang patnugutan ay nagpapasalamat sa lahat ng mga kasamang tumulong upang mabuo ang espesyal na isyung ito ng ***Ulos***. Maraming salamat sa mga kasamang nag-ambag ng kanilang mga akda, drowing at dibuho: kina Tom Escarez, Simon Liwanag at Luntian. Salamat sa mga kasamang nagdisenyo ng pabalat at aklat; nag-edit, nag-*proofread* at nagsalin: kina Dey, Pilar at Ting Remontado. Marami sa mga drowing at akda na matatagpuan sa isyung ito ay unang lumabas sa mga rebolusyonaryong publikasyon at pangkulturang dyornal gaya ng ***Ang Bayan***; ***Dangadang*** at ***Ramut*** ng Rehiyong Ilokos-Cordillera, ***Himagsik*** ng Gitnang Luson, ***Kalatas*** at ***Dagitab*** ng Timog-Katagalugan; ***Punla*** ng Bikol, ***Larab*** ng Silangang Kabisayaan, ***Daba-daba*** ng Panay at iba pa.